**SALINLAHI is a nonstock, non profit national alliance which aims to unite and strengthen various initiatives in response to the needs and the situation of the Filipino child.**

**Today, Salinlahi Alliance spearheads the progressive and nationalist alliance of children focused organizations and programs for child rights and children empowerment for genuine and social transformation.**

**NATIONAL COUNCIL**

CHAIRPERSON: Ma. Esmeralda Macaspac
VICE-CHAIRPERSON: Amit Gabriel
SECRETARY GENERAL: Eule Rico Bonganay
DEPUTY SECRETARY GENERAL: Relita Malundras
TREASURER: Madella Santiago

**MEMBERS AT LARGE**

Joy Francisco
Geming Abraham

CHILD REPRESENTATIVE: Trixie Gab Manalo

**NATIONAL SECRETARIAT**

Eule Rico C. Bonganay
Nikki P. Aserios
Jumar L. Palay
Jonathan L. Caiña
Charmille Riamae L. Senica
Angelito F. Macapagal
Norielyn S. Lariosa
Teresa M. Ogao



*Office Address:*
*2/F 90-J Bugallon St., Project 4, Brgy. Bagumbuhay, Quezon City*

*Contact No.: (02) 356-4299*

*Email: salinlahialliancephils@gmail.com*

/salinlahiphilippines @salinlahiphils

Salinlahi
Alliance for Children's Concerns

***Isang pulitikal na ekonomista ang nagsabi na kung nais mong masilayan ang lawak at tindi ng kahirapan at pagiging busabos ng mamamayan, kailangan mo lang alamin at aralin ang sitwasyon ng mga kababaihan at bata.***

Maging ang United Nation at ang gobyerno ay sa ganito itinatakda ang pamantayan ng pag-unlad sa pagtakda ng Millenium Development Goal (MDG) noong nakaraan at Sustanable Development Goal (SDG) sa kasalukuyan.

Tunay ngang ang mga bata ang isa sa mga pinakabulnerable sa hagupit ng kahirapan, kalamidad, karahasan, pang-aapi at pagsasamantala.

Ayon sa NSO, sa kabuuang 100 milyong populasyon ng bansa, tinatayang 43.34% o mahigit sa 43 milyon ay nasa edad na mas mababa sa 18 taon.

Ang mga bata ay bahagi ng uri o sektor na kinabibilangan nila at hindi dapat tinitingnan bilang hiwalay na grupo o sektor.

Mayorya sa mga batang Pilipino na mula sa mga batayang uri sa lipunan - ang mga magsasaka, manggagawa at mga maralitang-lunsod – ang masang anakpawis, ay di hamak na mas bulnerable kumpara sa maliit na bilang ng mga batang anak ng mga naghaharing uri. Kung gayon, habang tumitindi ang pang-aapi at pagsasamantala ng mga masang anakpawis bunsod ng palagiang krisis na dinaranas ng lipunang Pilipino na pinanatili at pinatitindi ng mga neoliberal na mga polisiya ng pamahalaan, papatinding pang-aapi at pagsasamantala rin ang nararanasan ng kanilang mga anak. Sa ganitong pananaw dapat iginiguhit ang pagkiling sa hanay ng mga batang anakpawis sa pagsusulong ng mga adbokasiya at gawain.



Ang mga anak ng mga magsasaka ay hindi ligtas sa araw-araw na dinaranas na kahirapan na resulta ng pyudal at malapyudal na pang-aapi at pagsasamantala. Kasama ang kanilang mga pamilya, dinaranas nila ang kawalan ng lupa, maliit na kita, pagkalubog sa utang at atrasadong sistemang pang-agrikultura na lalong nagsasadlak sa kanila sa kahirapan. Ayon sa pinakahuling datos ng Kilusang Magbubukid sa Pilipinas (KMP), siyam sa bawat sampung magsasaka ang walang sariling lupa dahil sa malawakang konsentrasyon nito sa iilang panginoong maylupa sa kabila ng 30 taong pag-iral ng Comprehension Agrarian Reform Program (CARP).



## KONGKLUSYON AT MGA PANAWAGAN

Ang patuloy na pagpapatupad ng gobyerno ng mga patakaran sa liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon ay lalong nagbabaon sa masang anakpawis sa higit na kahirapan.

Ang mga bata mula sa uring magsasaka at manggagawa ay nasasadlak sa matinding kagutuman at kasalatan. Ang kanilang kagalingan at mga interes ay patuloy na ipinagkakait dahil sa kawalan ng lupa, kawalan ng trabaho at mababang sahod, kawalang-akses sa mga batayang serbisyong pangkalusugan, edukasyon at pabahay. Naging dagdag na pasanin din sa mga bata at sa kanilang mga magulang ang pagputok ng isyu ng nakamamatay na Dengvaxia na isang sintomas ng pagragasa ng mga neoliberal na patakaran sa karapatan ng mamamayan.

Kaakibat ng papatinding neoliberal na mga atake ay ang pasistang paghahari ng administrasyong Duterte kung saan hindi rin naging ligtas ang batang anakpawis. Naging tampok na porma ng pasismo ng estado ang pagpapababa ng kriminal na responsibilidad ng mga bata mula 15 hanggang 9 taon gulang na nagpapakita kung gaano kalupit ang estado sa mga batang Pilipino. Dagdag na panganib sa kanilang buhay ang patuloy na paglabag sa karapatang-tao at *impunity* ng armadong pwersa ng estado. Patuloy na binobomba at inaatake ang mga paaralan ng mga Lumad at dinarahas ang mga estudyante at guro nito. Mula sa giyera kontra droga ng administrasyon, sa giyera sa Marawi hanggang sa pagpataw ng batas militar sa Mindanao at pagtindi ng panunupil sa mga progresibong grupo – kasama ang batang anakpawis sa mga pinapatay, inaapi, at pinagsasamantalahan.

Nagmarka rin ang taong 2017 sa pagputol ni Duterte sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ng GRP o gubyerno ng Pilipinas. Naging malakas ang panawagan ng mamamayan na ipagpapatuloy ang usapang pangkayapaan sa kabila ng tahasang paglabag ng mga pwersa ng estado sa mga unilateral na deklarasyon ng tigil-putukan at panunupil sa mga NDF consultants sa kabila ng JASIG.

Dahil kasama ang bata sa sektor na kanilang kinapapalooban, ngayong taong 2018 ay kasama dapat natin ang mga bata sa pagharap sa mga panibagong hamon ng ating panahon. Tayo ay dapat manawagan na:

- Igiit ang karapatan sa libreng serbisyong kalusugan at papanagutin ang mga upisyal ng gubyerno at Sanofi!
- Itigil ang pagpapababa sa minimum na edad ng kriminal na pananagutan! Ipatupad ang RA 9344 o Juvenile Justice Act!
- Tunay na rehabilitasyon ng Marawi! Hustisya para sa mamamayang Moro! Igiit ang karapatan sa sariling pagpapasya at karapatan sa lupang ninuno!
- Itigil ang pamamaslang! Makatao at makatarungang pagsugpo sa droga!
- Labanan ang Batas Militar!
- Tunay na reporma sa lupa, ipaglaban! Lupa sa nagbubungkal!
- Ibasura ang kontraktwalisasyon, pambansang minimum wage ipatupad!

Sa pamamagitan lamang ng samasamang pagkilos at pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon at tunay na repormang agraryo makakamit ang mga demokratikong interes at lehitimong kahingian ng mamamayan, kasama ang mga bata. ###



***Isa pa sa masahol na epekto ng neoliberal na patakaran sa mga bata ay ang matinding atake nito sa kultura.*** Ang mga bata bilang tagapagmana ng lipunan ay may mahalagang papel para sa pundamental na pagbabago nito. Ito ang sadyang ayaw mangyari ng estado na tagapagpanatili ng kasalukuyang kaayusan. Nais ng estado na itali ang mga bata sa kulturang bulok, atrasado, dekadente at maka-dayuhan na maglalayo sa kanila sa paglaban para sa kanilang karapatan at interes.

Sa sistema ng edukasyon, unti-unting inaalis sa kurikulum ang mga pag-aaral sa siyensya, kasaysayan at lipunan habang ipinapalit dito ang mga technical and vocational courses upang diumano'y umakma ang pandaigdigang pamantayan ng mga trabaho sa labas ng bansa.

Walang interes ang estado na magbigay ng mga produktibong aktibidad para sa mga bata sa komunidad na magpapalawak ng kanilang kaalaman at magpapaunlad sa kanilang pakikisalamuha, pagdadamayan at pakikipagkapwa-tao. Bagkus, nais ng estado na maging indibidwalista ang mga bata at walang pakialam sa paligid at buong lipunan.

Labis-labis na isinusubo sa mga bata ang konsyumerismo at nilululong sila sa mga gadgets at teknolohiya na higit na naglalapit sa kanila sa bulnerabilidad ng pang-aabuso, mis-impormasyon at dis-impormasyon.









Sa mga maralitang komunidad sa kalunsuran, ang mga batang anak ng mga manggagawa at mala-manggagawa ay humaharap sa matinding kahirapan bunga ng kawalan ng trabaho, mababang sahod, walang disenteng tirahan, kawalan o kung hindi naman ay bulok na mga serbisyong panlipunan. Nagreresulta ito sa papalalang kondisyon na nagkakait ng kanilang mga batayang pangangailangan.

Ang patuloy na pagiging sunod-sunuran ng pamahaalan sa mga patakarang neoliberal (liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan, deregu-lasyon ng ekonomiya at pribatisasyon ng serbisyong panlipunan) ay siyang dahi-lan ng busabos na kalagayan ng masang anakpawis, kabilang na ang mga bata.

Napatunayan nitong taong 2017 ang patuloy na pagtataguyod ng admin-istrasyong Duterte sa mga neoliberal na patakaran na sinalamin ng kanyang 10-Point Economic Agenda na walang pinagkaiba sa mga nagdaan. Neoliberali-sasyon din ang tinutumbok ng mga naging pag-uusap sa nangyaring ASEAN Summit noong nakaraang Nobyembre na dinaluhan rin ng mga pinuno ng mga bansang imperyalista kabilang na si Donald Trump ng nangungunang imperyalistang bansang Estados Unidos.


Kung kaya't lubhang napakahalaga na pag-aralan ang iba't-ibang epekto ng mga neoliberal na patakaran sa mga ba-tang anakpawis sa ilalim ng isang mala-kolonyal at malapyudal na lipunan.

## Child Labor: Pagsasamantala sa mga Batang Anakpawis


Ang paglahok ng mga bata sa produksyon batay sa kanilang kakayahan ay napakahalagang bahagi ng pagpapaunlad ng lipunan at mismong kabuuang pag-unlad ng bata. Gayunpa-man, sa kasalukuyang siste-ma ng ating lipunan, sinasa-mantala ang lakas paggawa ng mga bata upang higit na magkamal ng tubo ang malalaking negosyo at panginoong maylupa.

Ang malawakang kawalan ng trabaho at un-deremployment ay katangi-an ng isang ekonomiyang atrasado, import-dependent at export-oriented, kagaya ng sa Pilipinas. Ang mga dikta ng patakarang neoliberal katulad ng labor-only con-tracting at pleksibilisasyon sa paggawa, ay lalong nagpapalala ng krisis sa kawalan ng trabaho sa bansa. Sa ilalim ng kasalu-kuyang administrasyon, itin-aguyod pang lalo ng Depart-ment of Labor and Employ-ment Order 174-17 ang kontraktwal na paggawa sa pamamagitan ng 'pagreregularisa' ng mga manggagawa sa mga *agencies* at hindi sa mis-mong kumpanyang pinag-tatrabahuhan. Taliwas ito sa naging pangako noon ni Duterte na tatapusin ang kontra-manggagawang iske-ma. Nananatili ring nakapa-ko ang minimum na sahod sa P512. Napakalayo sa P1,168 na pangangailangan ng isang pamilya na may anim na miyembro para mamuhay ng disente.

Resulta nito ay ang dumaraming mga batang kailangang magtrabaho sa murang edad upang makaambag sa araw-araw na pangangailangan ng kanilang pamilya.



Malaking bahagi ng mga batang nagtatrabaho ay kalahok sa produksyong agrikultural. Lalong pinapasahol ng mga imposisyon ng GATT-WTO sa kalakalan ng bansa ang atrasado nang antas ng produksyong agrikultural na lalong nagdidiin sa mga magsasaka sa kahirapan. Pinapalala rin nito ang mapansamantalang kondisyon ng mga batang magsasaka na nagtatrabaho sa mga plantasyon at hacienda.




Bagamat may mga batas at programa ang pamahalaan kaugnay ng usaping ito, bulag naman ang mga ito sa tunay na ugat ng pagsasamantala sa lakas-paggawa ng mga bata. Sa halip, ibinabaling lamang ang sisi sa mga magulang at indibidwal habang pinagtatakpan ang mga panginoong maylupa at mga kapitalista na syang tunay na nagsasamantala at nakikinabang sa lakas-paggawa ng mga bata. Nais ng batas na isisi at parusahan ang mga magulang at mamamayan kaysa seguruhin ang pagbibigay ng tiyak na kabuhayan sa mga magulang ng mga bata sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng pambansang industriya na lilikha ng mga regular na trabaho, at tunay na repormang agraryo.




## Serbisyong Pangkalusugan sa mga Bata: Negosyo, hindi Serbisyo

Malaki ang epekto ng kalusugan sa kabuuang pag-unlad ng bata - pisikal, intelektwal at sosyo-emosyonal. Kailangang harapin at tugunan ang problema sa kalagayang pangkalusugan ng mga batang Pilipino.

Sa pinakahuling tala ng Social Weather Station noong ikatlong quarter ng 2017, tinatayang may 2.7 milyong pamilyang pilipino ang nakaranas ng *involuntary hunger*. Samantala, ipinapakita sa isinagawang National Nutrition Survey ng Food and Nutrition Research Institute (FNRI) na tumataas kung hindi man nanatiling mataas ang bilang ng mga batang tinatamaan ng malnutrisyon sa bansa.

Noong 2015, may 3.8 milyong or 33.4 % ng mga bata ang stunted (maliit kumpara sa edad) habang may 807,057 o 7.1% na mga bata ang *wasted* (magaan).






Subalit, kapalit naman nito ang DepEd Memo No. 57 s. 2017 o "Policy on the Protection of Children in Armed Conflict" na siyang nagdedeklara sa mga paaralan bilang "zones of peace."





Sa kabila ng ganitong panukala, nakapagtala pa rin ng 36,620 na biktima ng military encampment at atake sa mga eskwelahan na naiulat at naidokumento sa buong bansa sa porma ng pagkakampo ng mga militar, pagsira sa mga pasilidad, pananakot sa mga guro at estudyante at malisyosong pagbabansag bilang eskwelahan ng NPA.

Kung tutuusin, isang lutang na konsepto ang zones of peace. Hindi ito umaangkop sa katotohanang ang mga batang Pilipino mula sa pamilyang anakpawis ay hindi lamang bahagi ng pinagsasamantalahang mga sektor ng lipunan, kundi kabahagi rin ng kanilang pakikibaka.

Ginagamit ng estado ang konsepto na ang 'bata at kanilang mga paaralan' bilang zones of peace upang ihiwalay ang mga bata sa kanilang komunidad na nagtataguyod ng paglaban sa mga polisiya ng pamahalaan. Mapagkunwaring ibinabandila ito ng estado upang pagmukhain ang sarili na tagapagtaguyod ng karapatan at kagalingan ng mga bata. Ngunit sa katotohanan, ang estado ang pumapaslang, nandarahas, gumagahasa sa mga bata habang ang kanilang mga paaralan at komunidad ay pinapailalim sa matinding militarisasyon.

Sa lahat ng mga paglabag na ito, wala ni isang kaso ang nalutas at salarin na naparusahan. Nagpapatuloy lamang ang kawalan ng hustisya para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao.




Hindi naging iba ang pagtrato ng administrasyong Duterte sa mga batang anakpawis. Noong Setyembre 5, 2017 ganap na alas-2 ng hapon, pinaslang si Obello Bay-ao, isang 15 taon gulang na estudyante ng Salugpongan, ng dalawang lalaki na kinilalang sina Ben at Joven Salangani. Si Ben ay kilala bilang aktibong kasapi ng Citizen Auxilliary Forces Geographical Unit o CAFGU sa kanilang lugar samantalang si Joven naman ay miyembro ng isang grupong paramilitar na Alamara. Ang Alamara ang siya ring responsable sa pagpatay kay Alibando Tingkas, 15 taon gulang na estudyante rin ng Salugpongan, noong Enero 2016.

Mula sa nakaraang administrasyon hanggang sa kasalukuyan, nagpapatupad ang pamahalaan ng kontra-insurhensyang programa na nakapadron sa US Counter Insurgency Program (COIN) sa porma ng Oplan Kapayapaan sa ilalim ng administrasyong Duterte.

Ayon sa gobyerno, nilalayon nitong sugpuin ang halos 50 taon nang sumusulong na rebolusyon sa bansa. Subalit, sa katotohanan, layunin nitong supilin ang pagtutol ng mamamayan sa mga neoliberal na polisiya ng pamahalaan, *development aggression projects* ng mga lokal at dayuhang kumpanya na sumisira sa kabuhayan at buhay ng mga mamamayan sa kalunsuran at kanayunan. At dahil laging bahagi ng mga nakikibakang sektor ang mga bata, sila man ay direktang target ng pasistang atake ng estado.

Sa loob lamang ng isang taong panunungkulan ng rehimeng Duterte mula 2016-2017, nakapagtala na ng 98 kaso ng pamamaslang, 216 kaso ng bigong pagpaslang, 220 kaso ng illegal na pag-aresto at pagkakakulong, 74 na kaso ng tortyur at mahigit 40,000 na mga bata ang nakaranas ng sapilitang paglikas dahil sa tuluy-tuloy na operasyong militar sa mga komunidad sa kanayunan.

Kasabay ng tumitindi at tuluy-tuloy




na pasistang atakeng ito, nakapagtala rin ng 4 kaso ng pagbansag bilang child soldiers sa mga batang biktima ng paglabag sa karapatang-tao. Ginagamit ng AFP ang pagbabansag sa mga batang biktima bilang child soldiers upang bigyang-katwiran ang mga paglabag at takasan ang kanilang pananagutan.

Isa pa sa mga tumitinding porma ng pasismo sa ilalim ng Oplan Kapayapaan ang nagpapatuloy na mga atakeng militar sa mga paaralan, laluna iyong mga itinayo sa sariling pagsisikap ng mga komunidad at pangmasang organisasyon.

Dahil sa matinding pagtutol ng mamamayan, ibinasura ng Department of Education ang dati nitong Memorandum No. 221 s. 2013 o "Guidelines on the Protection of Children during Armed Conflict" na siyang tahasang nagbigay ng permiso sa mga pwersang militar na gamitin ang mga paaralan at eskwelahan bilang kampo o baraks.



Ang pinakahuling pag-aaral ng FNRI noong 2015 ay nagpakita ng pinakamasahol na tantos ng malnutrisyon sa bansa sa loob ng 10 taon.

Malaki ang ugnayan ng kakulangan sa tamang nutrisyon ng mga bata at pang-ekonomiyang kalagayan ng kanyang pamilya. Marami sa pinakamahihirap na probinsiya sa bansa ang nakapagtala rin ng mga pinakamataas na tantos ng malnutrisyon. Ika-apat ang Pilipinas sa sampung mga bansa sa mundo na may mataas na tantos ng malnutrisyon.




Matagal nang inaabandona ng gubyerno ang kanyang responsibilidad na maghatid ng serbisyong pangkalusugan. Sa pamamagitan ng pribatisasyon gaya ng programang Private-Public partnership ng nakaraang administrasyong Aquino kung saan inilalako ang mga pampublikong ospital sa mga pribadong kumpanya at mamumuhunan. Nakabalangkas ang hakbanging ito sa dikta ng neoliberal na patakarang pribatisasyon ng mga batayang serbisyong panlipunan.

Naging malaking usapin naman noong nakaraang taon ang programa ng pamahalaan na bakuna laban sa dengue para sa mga estudyante sa pampublikong mga paaralan.

Ito ay matapos na aminin ng Sanofi Pasteur, isang dayuhang kumpanya na lumikha ng bakunang Dengvaxia, na peligroso ang nasabing bakuna para sa mga batang hindi pa nagkakasakit ng dengue bago pa man sila maturukan.

Sa tala ng Department of Health (DOH), tinatayang nasa 850,000 na mga bata ang naturukan ng Dengvaxia ngunit maaaring mas marami pa ito sa totoong buhay.

Ayon sa pag-aaral mismo ng Sanofi at maging sa ilang pagsisiyasat ng World Health Organization (WHO), lumalabas na:


- Ang mga nabakunahan ng Dengvaxia ay mas bulnerable sa mas malalang klase o 'severe dengue'
- Hindi nirerekomendang ibigay ang bakuna sa mga batang hindi pa nagkaroon ng dengue. Higit pa rito, hindi rin ito dapat binibigay sa mga lugar kung saan bihira ang kaso ng dengue.
- Iminungkahi ng mga pag-aaral na ibigay ang bakuna sa mga lugar kung saan hindi bababa sa 50% ang incidence rate ng dengue.

Sa iba't ibang ulat, naisadokumento ang ilang kagyat na epekto o side effects ng Dengvaxia sa mga batang nakakuha nito. Madalas ay nakararanas sila ng mataas na lagnat, matinding pagsakit ng ulo at minsan ay pagkabingi (may pag-ugong sa pandinig). Mayroon ding ilang kaso ng ibayong panghihina ng katawan na humantong sa pagkamatay.

Ang proyekto na ito na ginastusan ng P16 bilyon ng nakaraang administrasyong Aquino at ipinagpatuloy ng kasulukuyang administrasyon ay ikinagalit ng maraming magulang lalo pa't may ilan nang napabalita na namatay dahil sa kumplikasyon dulot ng bakuna.

***Mula sa isinagawang sarbey ng Salinlahi noong Hunyo 1, 2018, napatunayan na kalakhan sa mga naturukan ng Dengvaxia ay hindi pa nagkaroon ng Dengue. Mayorya rin sa kanila ang hindi nakatanggap ng anumang medical assistance mula sa pamahalaan.***

***Nagkaroon na ba ng Dengue ang iyong anak bago maturukan ng Dengvaxia Vaccine?***



*Oo = 8%*

*Hindi = 90%*


*Hindi Sumagot = 2%*

***90%*** sa mga magulang ang nagsasabing HINDI PA nagkakaroon ng Dengue ang kanya/kanilang mga anak bago maturukan ng Dengvaxia vaccine

***8%*** na mga magulang ang nagsasabing NAGKAROON ng Dengue ang kanya/kanilang mga anak bago maturukan ng Dengvaxia vaccine

***2%*** na mga magulang ang hindi sumagot (Null/void)

***Nabigyan na ba kayo ng DOH o kahit anong sangay ng Pamahalaan ng tulong o medical assistance upang maipatingin ang iyong anak?***



*Oo = 3%*

*Hindi = 93%*

*Hindi Sumagot = 4%*

***93%*** na mga magulang ang nagsasabing HINDI nabigyan ng medical assistance ang kanya/ng mga anak ng DOH o kahit anong sangay ng gobyerno

***4%*** na mga magulang ang HINDI SUMAGOT

***3%*** na mga magulang ang nagsasabing nakakuha ng medical assistance ang kanya/ng mga anak ng DOH o kahit anong sangay ng gobyerno



***Matapos maturukan ng Dengvaxia ang iyong/inyong mga anak, naipacheck-up na po ba ang/mga bata? Kung oo, ilan sa mga anak?***

*Oo = 21%*

*Hindi = 79%*

***79%*** na mga bata ang HINDI pa nakapagpacheck-up matapos maturukan ng Dengvaxia.

***21%*** ang nagsabing nakapagpacheck-up na ang kanilang mga anak matapos maturukan ng Dengvaxia.

***Ayon kay Solicidor General Jose Calida, may libre diumanong ang pagpapacheck-up para sa mga nabakunahan ng Dengvaxia. Ngunit sa pananaliksik ng Salinlahi sa Quezon City, mayorya sa mga nakapanayam ay hindi pa nagkaroon ng pagkakataong ma-akses na ganitong serbisyo.***



## Pasistang Atake sa mga Batang Anakpawis at Kanilang Pamilya (Marawi, Martial Law)

Sa pag-upo ni Duterte sa puwesto, lalong tumindi ang mga pasistang atake laban sa mga batang anakpawis at kanilang pamilya. Naging tampok dito ang pinasiklab niyang giyera laban sa ‘Maute Group’ – isang grupong tinaguriang ‘teroristang grupo’ sa ilalim ng ISIS (Islamic State of Iraq and Syria).

Ayon sa datos ng DSWD, nasa 46,412 na pamilya kabilang dito ang 185,648 na mga bata ang sapilitang lumikas dahil sa marahas na pambobomba sa Marawi City. Sa 33 lamang na mga evacuation centers sa lugar nagkakasya ang 15,288 na mga bata kabilang ang kanilang mga pamilya. Sa pinakahuling datos, nasa 39 na indibidwal na ang namatay sa evacuation centers dahil sa matinding pag-ubo, lagnat, diarrhea, skin allergies, atbp.

Maliban sa sapilitang paglikas, iba’t ibang paglabag din sa karapatan ang naitala tulad ng pagkawasak ng mga tahanan, ari-arian, mga pagpatay at bigong pamamaslang, iligal na pag-aresto at pagkabilanggo at marami pang porma ng pang-aabuso na umabot sa rurok matapos ideklara ni Duterte ang Martial Law sa buong Mindanao noong nakaraang taon.

Hindi rin sumapat ang unang tatlong buwan simula noong ideklara ni Duterte ang Martial Law sa rehiyon. Ginamit niya ang kaniyang napakalakas na impluwensya sa kamara upang pahabain pa ang batas military sa Mindanao.

Kaakibat ng pagpataw ng batas militar ay ang sunod-sunod na pamamaslang at pag-atake laban sa mga magsasaka, manggagawa at mga progresibong grupo,. Sinundan pa ito ni Duterte ng pagdedeklara ng isang kampanyang ‘crackdown’ laban sa mga tinatawag niyang ‘ligal na prente’ ng CPP-NPA sa lunsod. Simula noong Setyembre 2017, nakapagtala ang Karapatan ng 902 na biktima ng iligal na pag-aresto – karamihan dito ay mga lider at mga miyembro ng mga progresibong organisasyon.

Pinapakita nito ang desperasyon ng administrasyon Duterte na manatili sa poder kapangyarihan sa pamamagitan ng pamamaslang at paggipit sa karapatan ng mga sumasalungat sa kaniyang pamamalakad.



## Gera Kontra Droga: Mapanganib para sa mga maralitang Bata at Kabataan

Nagtala ng pinakamaraming kaso ng extrajudicial killings ang giyera kontra droga ng administrasyong Duterte sa kasaysayan ng Pilipinas. Hindi bababa sa 27,000 na mga pagpatay ang naitala at mayorya sa mga biktima ay nagmula sa pinakamahihirap na sektor ng lipunan. Bunga nito, libu-libong mga bata ang naulila.

Masahol pa, nakapagtala rin ng hindi bababa sa 43 mga bata ang napaslang ng mga pinaghihinalaang miyembro ng pulisya at grupong vigilante sa loob ng halos dalawang taon. Isa sa mga tumampok na kaso ay si Kian Delos Santos, isang 17 taong gulang na senior high school student, na napatay sa isang operasyon ng pulisya sa Caloocan City noong Agosto 2017. Nagbunsod ito ng mariing pagkundena ng malawak na bilang ng mamamayan at iba't-ibang progresibong organisasyon sa pagmamalabis ng mga awtoridad sa isinasagawang madugong paglaban sa problema ng droga sa bansa.

Ayon naman sa datos ng Juvenile Justice and Welfare Council at Bureau of Jail Management and Penology, tinatayang may 26,415 bata ang sumuko o nasa listahan ng drug watchlist ng PNP. (Hulyo 2016 – Enero 2017)

| EDAD | LALAKI | BABAE |
|---|---|---|
| 15 taong gulang pababa | 2,677 | 501 |
| 15 -17 taong gulang | 22,045 | 1,165 |

***Ayon sa datos ng Children's Rehabilitation Center, umabot na sa 44 ang napaslang na mga bata sa ilalim ng madugong kampanya kontra droga o ang Oplan Tokhan at Oplan Double Barrel samantalang libu-libong mga kabataan ang naulila.***






## Edukasyon: Pribilehiyo, hindi Karapatan

Bagaman tumaas ang inilaang badyet para sa edukasyon (P567.5 bilyon noong 2017 mula P433.3 bilyon noong 2016), kalakhan sa pondong ito ay napunta sa Voucher Program ng DepEd na ang mga pribadong senior high schools ang may malaking pakinabang. Bukod pa rito, napatunayang hindi naman handa ang gobyerno para sa imprastraktura at iba pang rekisitos ng Senior High School program. Dagdag pa, hindi naman sumasapat ang halagang inilalaan para sa mga benepisyaryo ng Voucher program. Kaya malaking gastusin pa rin sa pag-aaral ang kinakargo ng mga magulang.

Sa huling pag-aaral ng Philippine Statistic Authority noong 2016, may 3.8 milyong bata at kabataang Pilipino ang out-of-school o hindi na nag-aaral. Sa bilang na ito, lampas sa kalahati ang nagmula sa mga pinakamahihirap na pamilya.

Taliwas sa ipinangako ni Pangulong Duterte noong panahon ng kampanya, ipinagpatuloy pa rin nito ang programang K-12 sa kabila ng dumaraming reklamo ng mga magulang at estudyante.





Sinusugan lamang ng pangulo ang isang programang umaaayon sa neoliberal na patakaran na nagtitiyak na maging balon ng murang lakas-paggawa ang bansa para sa pangangailangan ng lokal at dayuhang mga negosyo.

Ngunit kahit sa ganitong maling layunin, hindi pa rin pumasa ang SHS program ng gobyerno na pinatunayan ng Philippine Chamber of Commerce kung saan sinabi nitong hindi 'employable' ang mga gagraduate ng SHS ngayong taon.

**TRIVIA**

Sa bawat **100** mag-aaral na nakakatungtong ng elementarya, **66** lang sa kanila ang nakakatapos. **58** ang nakakapag-enroll sa high school kung saan **43** lamang ang nakakatapos. **23** sa kanila ang nakakapag-enroll sa kolehiyo habang ang **10** naman ay sa vocational courses. Gayunpaman, **14** lamang ang nakakagraduate sa kolehiyo at **7** naman sa vocational.

# Mga Batang may Suliranin sa Batas




Nitong nakaraang taon, binuhay muli ng Kamara ang panukalang ibaba ang minimum age of criminal responsibility (MACR) ng mga batang may suliranin sa batas mula 15 tungong 9 na taong gulang sa ilalim ng RA 9344 o Juvenile Justice and Welfare Act of 2006. Itinulak ito ng ilang mambabatas kabilang na si House Speaker Pantaleon Alvarez.

Mariin itong tinutulan ng mga tagapagsulong ng karapatan ng mga bata na naninindigan na ang mga batang nasasadlak sa mga kriminalidad ay biktima ng kahirapan at ng lipunang kanyang ginagalawan.

Sa pinakahuling datos ng DSWD noong 2016, tinatayang may 10,000 batang pilipino ang nasangkot sa kriminalidad.

Ipinakita naman sa isang pag-aaral ang profile ng mga batang-may-suliranin-sa-batas:

- 85-95% sa kanila ay mga lalaki na may edad 14-17 taong gulang.
- Halos kalahati (46.9%) ay hindi nakatapos ng grade 6.
- Nagmula sa mahihirap na pamilya na may 6-8 miyembro
- Inaresto at kinasuhan dahil sa pagnanakaw, shoplifting at robbery.

Ang pagsasabatas ng RA 9344 ay ibinunga ng matagal na pagiggiit ng mga nangangalaga sa kagalingan ng mga bata upang kilalanin ang karapatan at katangian ng mga bata sa kabila ng kanilang pagkakasala sa batas.



Kinikilala ng RA 9344 na ang mga batang may suliranin sa batas ay may ibang katangian kumpara sa mga adult criminals at nararapat na bigyan ng pagkakataong makapagwasto at makapagpanibagong-hubog.

Gayunpaman, may mga ilang pagkakataon rin na ginagamit ang batas na ito upang supilin ang karapatan ng mga bata sa paglahok nila sa pagkilos ng mamamayan halimbawa na lamang sa pagtutol sa demolisyon.

Ang pagpapababa ng MACR ay magreresulta sa pagdami ng mga batang maaaring makasuhan at makulong. Sa halip na bigyan ang mga bata ng oportunidad na magpanibagong hubog at maibalik muli sa kanyang komunidad at pamilya, tatratuhin sila bilang kriminal na wala ng pag-asang mabago ang kanyang buhay.

Subalit hanggang hindi nagbabago ang sistema ng lipunan, patuloy na masasadlak ang mga bata sa kriminalidad.

## Iba pang Paglabag sa Karapatan ng mga Bata

### Cyber Pornography




Ayon sa data ng Philippine National Police – Anti- Cybercrime Group (PNP – ACG), tumaas ng 56% ang bilang ng mga batang nabiktima sa ganitong kalakaran noong 2015 kumpara ng 2014.

### Child Abuse




Tinatayang 80% ng mga batang Pilipino ang nakaranas ng pang- aabuso at karahasan sa buong buhay nila. (2016)

Ayon sa Center for women's resources, 3 taong gulang ang pinakabatang biktima ng panggagahasa. At 54% ng mga biktima ng rape ay nasa edad 11-20 taong gulang


### Street Children



Tinatayang may 1.5 milyong bata ang nakatira sa lansangan, 700,000 sa kanila ay matatagpuan sa Metro Manila

### Prostituted Children

May 75,000 na batang, babae at lalaki, ang nasasadlak sa prostitusyon.




Tinatayang 3,366 ang mga batang nadadagdag taon-taon.

Pang-apat ang Pilipinas sa buong mundo ng may mataas na kaso ng child prostitution.

### Child Trafficking




Tinatayang may 60,000 – 100,000 ang mga batang naging biktima ng trafficking (for labor or sexual exploitation)